

Ang Apat na Proseso ng Sáling-Awit

Michael M. Coroza

Pamantasang Ateneo de Manila

mcoroza@ateneo.edu

ABSTRAK

Ipinaliliwanag sa papel na ito kung paanong isang nakamihasnang at tanyag na pangkalahatang tawag lámang ang “sáling-awit” (song translation) sa isang higit na komplikadong lingguwistiko at malikhaing praktis na malaking bahagi ng pag-unlad ng makasaysayan at popular na musikang Filipino. Bukod sa aktuwal na pagsasalin ng kanta, na siyáng pinakaangkop na tawaging “sáling-awit,” may nagaganap pang “halaw-awit,” “palít-awit,” at “lápat-awit.” Gámit ang Pambansang Awit ng Filipinas, bílang pangunahing halimbawa ng “lápat-awit” at “halaw-awit,” at ang iláng teksto ng mga naisaplakang popular na kanta noong dekada kuwarenta at singkuwenta, bílang mga halimbawa ng “palit-awit,” tinutukoy at nililinaw dito ang pagkakaiba ng apat na proseso at ang mga pangwika, pangkultura, at panlipunang implikasyon ng mga ito. Ganap na nirerebisa dito ng awtor ang mga panimulang pagkategorya sa naunang pag-aaral na ginawa niya tungkol sa kasaysayan, sining, at proseso ng “saling-awit” na nalathala noong 2010 at naging pangunahing sanggunian tungkol sa nasabing paksa. Pahapyaw na pinagtutuonang-pansin din sa kasalukuyang pagtalakay ang mga tentatibong konsiderasyong pang-estetika at pang-etika sa praktika ng “sáling-awit” bílang isang mahalagang aspekto o sangay ng pagsasalang-pampanitikan.

Mga Susing Salita: salin, sáling-awit, halaw-awit, palít-awit, lápat-awit

MATAGAL NANG PRAKTIS sa Filipinas ang “salinawit,” ngunit noong dekada 80 lámang ganap na nabigyan ng pangalan. Si Billy Lacaba, kapatid ng isa sa mga haligi ng modernismo sa panulaang Filipino at batikang peryodista na si Jose “Ka Pete” Lacaba, ang nagpauso ng salitang “salinawit” upang tukuyin ang proseso ng pagsasalin o paghalaw sa Filipino ng mga popular na kantang banyaga na karaniwang nasa Ingles, Español, at iba pa. Si Ka Pete mismo ay nahilig sa gawaing ito at bukod sa paglalathala ng kaniyang mga salin o halaw ng kanta, nag-aanyaya pa siya ng mga propesyonal na manganganta upang itanghal sa mga konsiyerto ang kaniyang mga akda. Minsan din, nag-iimbita siya ng mga kapuwa manunulat, tulad nina Marne Kilates, Charlson Ong, at Mike Coroza na nagsasalin din ng mga kanta, upang makasáma niyang magkonsiyerto sa Conspiracy Bar sa Visayas Avenue sa Lungsod Quezon.

SALINAWIT O SÁLING-AWIT

Baybayin mang “salinawit” o “sáling-awit” (pinabantog ni Ka Pete ang una, pinipili kong gamitin ang ikalawa), ang salitang ito ang katumbas sa Filipino ng “song translation” sa Ingles. Sa estriktong kahulugan nito, isang proseso ito ng paglilipat ng mga esensiyal na kahulugan ng kanta sa isang tunguhang lengguwahe (target language o TL) mula sa isang simulaang lengguwahe (source language o SL).¹ Ang totoo, hindi lámang ang kahulugan kundi ang halos lahat ng katangiang taglay ng teksto sa isang TL—metapora, simbolo, laro ng salita, atbp. Gayunman, tulad ng makikita sa mga halimbawang teksto na napatanyag lalo na mula sa dekada 40, 50, at 60, na siyáng higit na mapagtutuonang-pansin sa maikling pagtalakay na ito, isang prosesong kakambal ng sáling-awit ang paghalaw. Sa paghalaw na ito, may isang deribatibong teksto na nalilikha sa TL at marami sa mga esensiyal na kaisipan o kahulugan at iba pang katangian ng orihinal na teksto ang hindi naililipat gayong maaari naman sana.² Maaaring sinadya ng naghalaw na baguhin o hindi sundin ang orihinal sa kung anumang dahilang pinangangatwiran o pinangangatawanan niya—personal man o pampolitika. Maaari rin naman talagang nagmamadali o tinatamad lámang siya. Kaugnay nito, sa layuning higit na akademiko, ibig kong ipanukala ang paggamit ng salitang “halaw-awit” upang maging panumbas sa Filipino ng “song adaptation” sa Ingles.

¹ Peter Low, *Translating Song: Lyrics and Texts* (London and New York: Routledge, 2017), p. 116.

² *Ibid.*

Ang mga letra ng ating Pambansang Awit ng Filipinas sa Filipino at Ingles ay mauuring sáling-awit o halaw-awit. Alalahanin na ang orihinal na letra ng “Lupang Hinirang” ay tulang sinulat ni Jose Palma sa Español, ang “Filipinas” na nalathala sa *La Independencia* noong 3 Setyembre 1899. Ang bersiyong Ingles nito ay salin diumano nina Camilo Osias at A.L. Lane mula sa Español. Ang bersiyong Filipino naman, na unang inawit noong 26 Mayo 1956 sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Ramon Magsaysay at siyang tanging opisyal na ginagamit natin ngayon alinsunod sa itinatakda ng Batas Republika Blg. 8491, ay salin diumano nina Julian Cruz Balmaseda, Ildefonso Santos, at iba pang kasama sa Surian ng Wikang Pambansa.³

Bago ipakita kung bakit ang bersiyong Ingles nito ay isang halaw-awit samantalang ang bersiyong Filipino ay maituturing na isang sáling-awit, kilalanin muna natin ang dalawa pang proseso.

ANG PAGPAPALÍT AT PAGLALÁPAT

Bukod sa sáling-awit at halaw-awit, may pangatlo at pang-apat pang proseso na dapat ding makilala. Lumilitaw, hindi lámang kambal kundi kuwadruplet ang mga prosesong ito. May mga orihinal na kanta sa ibang wika (SL) na ang nagiging letra sa ibang wika (TL) ay wala ni anumang kinalaman sa orihinal na letra o sadyang walang nagaganap na anumang semantikong paglilipat. Isang bagong kanta ang nalilikha at tanging ang melodiya lámang ng orihinal na kanta ang nananatili. Ipinanunukala kong tawagin ang ganito bílang “palit-awit” na sa Ingles ay tinatawag na “replacement text.”⁴ Ang mga “kalokohang” bersiyon ng Pambansang Awit, o ang mga “spoof” o panggagagad (parody) na ginagawa ng mga mapaglarong-isip at subersibong kamalayán o kawalang-málay, ay maituturing na palit-awit. Maging ang mga tinukoy kong halimbawa ng halaw o adaptasyon gaya ng “Saging ni Pacing,” na pinatanyag ni Katy de la Cruz, at ang mga “song wrecking” na naging hit ng Tito, Vic & Joey sa nauna kong pag-aaral tungkol sa sáling-awit noong 2009 ay higit na dapat kilalaning palit-awit sa halip na halaw-awit lamang.⁵

³ *Sagisag Kultura 1 Kasaysayan at Bayani* (Lungsod Quezon at Maynila: Filipinas Institute of Translation at National Commission for Culture and the Arts), p. 265.

⁴ *Ibid.*, 117 – 118.

⁵ Michael M. Coroza, “Ang Sining ng Saling-awit: Kasaysayan, Proseso, at Pagpapahalaga,” sa Galileo S. Zafra, ed. *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas* (Lungsod Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino Diliman, Sanggunian sa Filipino, National Commission for Culture and the Arts, 2009), p. 132 – 135.

Ang pang-apat na prosesong ibig kong ipanukala ay tinatawag kong “lápat-awit.” Ito ang paglalagay ng letra sa isang musika o melodiya na orihinal na walang letra. Sa pagkakategorya ni Peter Low sa kaniyang aklat na *Translating Song: Lyrics and Texts* (2017), nakapaloob ang prosesong ito sa “replacement text.”⁶ Ngunit, iginigiit ko na marapat itong ihiwalay bilang isang naiibang proseso sa palít-awit sapagkat wala naman talagang simulaang teksto (ST) na pinapalitan. Sa halip, may wala na nilalagyan o “nilalapatan.” Ang totoo, isa itong ganap na pagsulat ng letra o *lyrics writing*. Napakarami ng ganito sa kasaysayan ng popular na musika sa Filipinas. Ilan sa mga pangunahin ang “Tinikling,” “Karinyosa,” “Sayaw sa Bangko,” “Subli,” at iba pang mga katutubong tugtuging pansayaw na nilagyan ng letra ni Levi Celerio. Ang pinakapopular marahil at siyang itinuturing na pinakapaborito ni Celerio sa lahat ng mga ganitong uri ng tugtuging nilapatan niya ng letra ay ang “Pandanguhan” na unang isinaplaka ni Sylvia La Torre para sa Villar Records noong magtatapos ang dekada 50 at awiting ipinagwagi sa pambansang kampeonato ni Rufina Esperanzilla sa orihinal na “Tawag ng Tanghalan” noong 1960.⁷ Narito ang bahaging koro ng letra:

Kung may pista sa aming bayan
Ang lahat ay nagdiriwang;
May letson bawat tahanan,
May gayak pati simbahan.
Paglabas ni Santa Mariang Mahal,
Kami ay taos na nagdarasal,
Prusisyon dito ay nagdaraan
Kung kayâ ang iba’y nag-aabang.
May tumutugtog at may sumasayaw,
Mayro’ng sa galak ay napapasigaw;
Ang pista sa bayan namin ay ganyan,
Ang sayá’y tila walang katapusan.⁸

Gumawa pa si Levi Celerio ng ikalawa at ikatlong letra ng melodiyang ito ng Pandanguhan. Ang ikalawa, na isinaplaka ni Armida Siguion Reyna at siyang unang kanta sa Side A ng kaniyang LP na *Aawitan Kita* (MLS 5319) na inilabas ng

⁶ Low, op. cit., p. 118.

⁷ Michael M. Coroza, “Ang Awit Bilang Tula o si Levi Celerio Bilang Makata” sa *Bulawan Journal of Philippine Arts and Culture* 11 (First Quarter 2004): 36- 49.

⁸ Transkripsiyon ng bersiyon ni Sylvia la Torre na unang awit sa Side A ng LP niyang *Arimunding-munding* (MLP 5165 S) na inilabas ng Villar Records noong kalagitnaan ng dekada 60.

Villar Records noong 1973, ay tinawag na “Ligawán.” Ganito ang koro ng awit na ito:

Ang ligawán sa aming bayan,
Marangal, makasaysayan;
Ang binatang lumiligaw,
Madalas na dumadalaw,
Matiyagang-matiyagang naghihintay,
Mabait sa kaniyang minamahal;
Ang dalaga kapag nagdaraan,
May binata namang nag-aabang;
May tumutugtog at may sumasayaw,
Mayro’ng sa galak ay napapasigaw;
Ligawán sa bayan namin ay ganyan,
Ang ligaya ay walang katapusan.⁹

Pansinin na magkapareho ang ikasiyam at ikasampung linya ng “Pandanguhan” at “Ligawán”: “May tumutugtog at may sumasayaw, / Mayro’ng sa galak ay napapasigaw.” Indikasyon ito na maláy na maláy si Celerio na sariling letra niya ang ginawan niya ng pagbabago, at minarapat niyang huwag palitán ang mga bahaging ito. Dahil naging napakapopular na ng unang letrang ginawa niya, inisip niya marahil na marami ang mangingiti sa pagkaalaala kapag narinig ang dalawang linyang ito sa bagong bersiyon ni Armida na ang orihinal na konteksto ng pista ay nahalinhan ng panliligaw. Isa pa, at alam na alam niya ito, walang sinumang sisita sa paggamit niya ng kaparehong linya dahil siya mismo ang gumawa ng unang letra.

Ang ikatlong letra ay nilikha para sa pagsasaplaka ni Pilita Corrales noon ding 1973. Tinawag itong “Apat na Dahilan” at siyáng naging pang-apat na kanta sa Side A ng LP ni Pilita na *Salakot* (TSP 5073) na isang produksiyon ng Vicor Recors sa leybel nitong Plaka Pilipino. Ganito ang naging koro ng nasabing awit:

Kung anuman ang maging s’werte
Gawin ang ikabubuti.
Talagang ganyan ang búhay,
Matagal ang kalungkutan.
Kalimutan na ang nakaraan,

⁹ Transkripsiyon ng bersiyong isinaplaka ni Armida Siguion Reyna sa Villar Records noong 1973.

Harapin mo ang darating pa lang.
Ihanda mong lahat ng paraan,
Ituloy ang iyong kaunlaran.
Balikan ang gawain mong nahinto
Upang di sapitin ang pagkabigo.
Kahit munting halaga ay impukin,
Pagdating ng araw ay dadami rin.¹⁰

Ibang-iba ang letrang ito sa naunang dalawa. Tungkol sa pagdiriwang ng pista ang una, tungkol sa kultura ng ligawán ang ikalawa, ang ikatlong ito ay isang pilosopikong pagtanaw at kritika ni Celerio sa pag-aasawa. May apat na dahilan daw kung bakit nag-aasawa o nagpapakasal ang mga tao (mga Filipino). Ang una ay kasunduan. Pagkapikot ang ikalawa. Oportunismo o pangunguwarta ang ikatlo. Tunay na suyuan ang ikaapat. Tulad ng dapat asahan, sa apat na ito, isa lámang ang igigiit na tama ng kanta: ang ikaapat. Kung hindi ito ang magiging dahilan ng pag-aasawa o pagpapakasal, magiging “Kay ikli-ikli ng kasayahan.”

Kung ang unang letra (Pandanguhan) ang ituturing na orihinal, ang ikalawa (Ligawán) at ikatlo (Apat na Dahilna) ay maituturing na palit-awit. Gayunman, dahil sadyang melodiyang pansayaw lámang ang pandanguhan sa simula, maaari ding sabihin na lápat-awit ang tatlong magkakaibang letrang inakda ni Levi Celerio.

SA KONTEKSTO NG TRADISYONG PAGBIGKAS

Nasuhayan ang malaganap na pag-iral ng apat na prosesong ito ng higit na pagiging *logosentriko*, sa halip na *musikosentriko*, ng mga awit alinsunod sa umiiral pa ring tradisyong pabigkas sa Filipinas. Nakasentro sa salita ang ibig sabihin ng logosentriko sa larang ng pagsasalang-awit. Logosentriko ang isang kanta kung higit na pinahalagahan ang letra o liriks. Sa kabiláng dako, musikosentriko ang isang piyesa kung ang musika ang higit na mahalaga.¹¹ Ayon mismo kay Levi Celerio, na kinilalang Pambansang Alagad ng Sining para sa Musika at Panitikan noong 1997, higit na malápit sa mga Filipino ang tradisyon ng awit kaysa musikang instrumental.¹²

¹⁰ Sinipi mula sa nakalimbag na teksto ng letra ng mga awit na nasa panloob na bahagi ng diyaket ng LP na *Salakot* (TSP 5073) ni Pilita Corrales na inilabas sa leybel na Plaka Pilipino ng Vicor Records noong 1973.

¹¹ Low, *op. cit.*, p. 11 – 14.

¹² Coroza 2004 *op. cit.*

Si Levi Celerio ang para sa akin ay pangunahing nagsapraktika ng apat na proseso ng pagsasalang-awit.

Ang apat na prosesong ito ang nakapaloob sa malawak na usapin ng pagsasalin ng awit na sadyang bahagi o sangay ng pagsasalang pampanitikan lalo na sa konteksto ng tradisyong pabigkas sa Filipinas. Sa atin kasi, ang awit ay tula o ang tula ay inaawit. Ibig sabihin, ang mga teksto ng ating panitikan, lalo na ang mga epiko at tula, ay may musikal na katangian. Kinakanta ang mga epiko, o sa higit na tamang paraan, itinatagulaylay. Ang maiikling tula natin gaya ng mga tanaga at dalit ay pareparehong kinakanta rin. Si Jose Rizal mismo ang nagsabi noong 1887 na, “Ang mga tula’y hindi binabása kundi inaawit: sa mga tanghalan ay binibigkas nang buong kisig, maraming himig na hindi laging nakapag-aantok. Ang mga himig na ito’y sinulat na ng mga musikong Filipino sa pamamagitan ng mga nota ng musika.”¹³

Ang mga awit at korido gaya ng *Florante at Laura* at *Ibong Adarna*, sa paraan pa lámang ng pagkakatawag sa mga ito, ay kinakanta. Ang *Pasiong Mahal* na ilang daáang taon nang bahagi ng ating taunang Semana Santa ay mahabang tula na inaawit. Sa larang ng musika, ang mga tulang ito na kinakanta ay tinatawag na *estropiko*. Ibig sabihin, may iisang melodiyang ginagamit para sa magkakasunod na saknong o estropa.¹⁴

ANG PAMBANSANG AWIT BÍLANG SALIN O HALAW

Kung tutuosin, ang orihinal na letra ng ating Pambansang Awit ay isang lapat-awit. Tulad ng nabanggit na, ang orihinal na tinugtug noong 12 Hunyo 1898 nang ideklara ni Emilio Aguinaldo ang kalayaan ng Filipinas ay ang musikang likha ni Julian Felipe, na ang orihinal na pamagat ay “Marcha Filipina-Magdalo.” Naging “Marcha Nacional Filipino” ito nang opisyal na kilalaning pambansang himno ng unang Republika ng Filipinas. Lumipas pa ang isang taon bago naakda ang tulang “Filipinas” ni Jose Palma, na siyáng iniakmang letra ng opisyal na “Himno Nacional Filipino.” Kayâ nga kung tutuosin, isang lapat-awit sa nauna nang umiral na melodiya.

Tunghayan natin ngayon ang Pambansang Awit ng Filipinas bilang pangunahing halimbawa ng kantang sumailalim sa prosesong halaw at salin. Isinalin

¹³ Jose Rizal, *Tagalische Verskunst*, salin ng Jose Rizal Centennial Commission (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014), p. 37.

¹⁴ Low, *op. cit.*, p. 100 - 102.

“diumano” nina Camilo Osias at A.L. Lane ang tekstong ito sa Ingles noong panahon ng Amerikano, at isinalin naman sa Tagalog nina Julian Cruz Balmaseda, Ildefonso Santos, at ng iba pang kasáma sa Surian ng Wikang Pambansa (Komisyon sa Wikang Filipino na ngayon) noong unang dekada ng malayang Republika. Titigan natin ngayon ang mga letra sa Español, Ingles, at Filipino ng ating Pambansang Awit:

HIMNO NACIONAL FILIPINO

Musica: Julian Felipe
Letra: Jose Palma

Tierra adorada
Hija del sol de Oriente
Su fuego ardiente
En ti latiendo esta.

Tierra de amores
Del heroismo cuna,
Los invasores
No te hollaran jamas.

En tu azul cielo, en tus auras
En tus montes y en tu mar,
Esplende y alte el poema
De tu amada libertad.

Tu pabellon que en las lides
La victoria ilumino,
No vera nunca apagados
Sus estrellas ni su sol.

Tierra de dichas, de sol y amores
En tu regazo dulce es vivir;
Es una gloria para tus hijos
Cuando te ofenden por ti morir.

PHILIPPINE HYMN

Translation by Camilo Osias
and M. A. Lane

Land of the morning
Child of the sun returning
With fervor burning
Thee do our souls adore.

Land dear and holy,
Cradle of noble heroes,
Ne'er shall invaders
Trample thy sacred shores.

Ever within thy skies and through thy clouds
And o'er the hills and sea
Do we behold the radiance, fell the throb
Of glorious liberty.

The banner, dear to all our hearts
Its suns and stars alight
O never shall its shining field
Be dimmed by tyrants might!

Beautiful land of love, o land of light
In thine embrace 'tis rapture to lie,
But it is glory ever, when thou art wronged
For us thy sons to suffer and die.

LUPANG HINIRANG

Salin ng Surian ng Wikang Pambansa

Bayang magiliw
Perlas ng Silanganan
Alab ng puso
Sa dibdib mo'y buhay.

Lupang hinirang
Duyan ka ng magiting
Sa manlulupig
Di ka pasisiil.

Sa dagat at bundok, sa simoy
At sa langit mong bughaw
May dilag ang tula at awit
Sa paglayang minamahal.

Ang kislap ng watawat mo'y
Tagumpay na nagniningning
Ang bituin at araw niya
Kailanpama'y di magdidilim.

Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta
Buhay ay langit sa piling mo;
Aming ligaya na pag may mang-aapi
Ang mamatay nang dahil sa iyo.

Sa bílang, limang pantig ang unang linya sa Español, “Tierra adorada,” kahit talagang anim na pantig ito sa pagkakasulat. Sa pagbigkas kasi, ang huling “a” ng *tierra* at ang unang “a” ng *adorada* ay nagiging isa lámang. Limang pantig din ang “Land of the morning” ng Ingles at ang “Bayang magiliw” ng Filipino. Eksaktong lupa o bayang minamahal ang ibig sabihin ng “tierra adorada.” Malabòng maging katumbas nito sa Ingles, sa literal man o literaryong paraan, ang “Land of the morning.” Saan nanggaling ang umaga sa tekstong ito?

Hinala ko, may tangkang gumawa ng alusyon sa eksena ni Elias sa Kabanata 64 (Noche Buena) ng *Noli Me Tangere* (1887) ni Jose Rizal ang mga nagsalin sa Ingles. Sa nasabing eksena, humarap si Elias sa silangan at lumuhod, at sakâ nagwikang “Mamámatáy akong hindi nakitang sumilay ang bukung-liwayway sa aking bayan! Kayong makakikita, salubungin siya... Huwag ninyong lilimutin ang mga nabuwal sa dilim ng gabi.”¹⁵ Ang pariralang “hindi nakitang sumilay ang bukung-liwayway” ang pinagbatayan ng pamagat ng nobelang *Without Seeing the Dawn* (1947) ni Stevan Javellana. Sagisag ng makabayang hangarin ang pagsapit ng umaga o pagsikat ng araw sa mga intelektuwal at manunulat sa pagtatapos ng Rebolusyong Filipino noong ikalabinsiyam na siglo at sa bungad ng siglo dalawampu. Pansinin ang pagkakapamagat sa mahalagang nobela ni Iñigo Ed. Regalado, ang *Madaling Araw*, noong 1909 at maging sa unang nobelang sosyalista sa Filipinas ni Lope K. Santos, ang *Banaag at Sikat*, noong 1906. Gayunman, may hangárin mang lumikha ng alusyon, sadyang nawala ang pinakabatayang idea na “lupa o bayang minamahal” sa “land of the morning.” Higit na malápit sa orihinal na Español ang “Bayang magiliw” sa Filipino.

Ang ikalawang linya ng Español ay may pitóng pantig: “hija del sol de Oriente.” Tulad sa kaso ng unang linya, walong pantig sa pagkakasulat ang linyang ito. Ngunit, sa pagbigkas, ang “e” ng *de* at ang “o” ng *Oriente* ay nagiging isang pantig lámang. Pitóng pantig din ang Ingles na “child of the sun returning” at ang Filipino na “perlas ng Silanganan.” Ang Filipinas ang tinutukoy na “anak” (*hija*) sa orihinal, na natumbasan ng “child” sa Ingles. Ang literal na ibig sabihin lámang ng Español ay “anak ng araw ng silangan.” Malaking katanungan kung bakit naging “child of the sun returning” ang Ingles. Saan nanggaling ang pariralang “sun returning” dito? Katumbas ba ng “silangan” ang “returning”? Nagbabalik ba o umaatras ba ang silangan? Kung may idea ng pagbabalik o pag-uwi, ang “sun returning” ay malamáng na papunta sa

¹⁵ Jose Rizal, *Noli Me Tangere*, salin ni Virgilio S. Almario (Lungsod Quezon: Adarna House, 2000), p. 403.

kanluran, dahil nanggaling ito sa silangan. Malinaw na hindi ito ang ibig sabihin ng “hija del sol de Oriente.” Sa kabiláng banda, ang “Perlas ng Silanganan” ay paggamit ng isang romantikong bansag sa Filipinas. Bagaman nanatili rito ang idea ng silangan, nawala ang idea ng pagiging “anak.” Ang Filipinas ay anak ng Silangan. Gayunman, sa magiliw na paraan, maaaring makita o ituring na “perlas” ang isang anak. Kayâ masasabing higit na malapit at may saysay ang linyang ito sa Filipino kaysa sa linyang Ingles.

Ang huling dalawang linya ng unang saknong ng orihinal na Español ay malayang maisasalin sa ganitong paraan: Ang marubdob mong apoy (*su fuego ardiente*) ay tumitibok sa iyo (*en ti latiendo esta*). Ang apoy na ito, na maaaring isang simbolo o metapora, ay taglay sa dibdib ng kinakausap na tinutukoy na “su” at “ti.” Sa unang linya pa lámang, ang “Filipinas” ang hayag na kinakausap ng persona ng tula (o letra). Kayâ ang apoy na tinutukoy ay taglay o “nasa” (*en ti*) Filipinas. Sa Ingles, naging taglay ng nagsasalita ang apoy: “with fervor burning thee do our souls adore.” Sa rendisyong ito, lumilitaw na ganito ang sinasabi ng persona: “sinasamba ka namin nang may nagliliyab na sigla o sigasig.”

Kahit pa igiit na puwede namang intindihin na ang “fervor burning” ay sa “land of the morning,” saan nanggaling ang “thee do our souls adore”? Ganito, kung ibubuod, ang sinasabi ng unang saknong sa Español: “Bayang minamahal, anak ng araw ng silangan, ang marubdob na apoy ay tumitibok sa iyo.” Maibubuod naman ang bersiyong Ingles sa ganitong paraan: “Bayan ng umaga, anak ng araw na nagbabalik, may marubdob na liyab, sinasamba ka ng aming kaluluwa.”

Nasapul sa salin sa Filipino ang sinasabi sa Español: “Alab ng puso / sa dibdib mo’y buháy.” Malapit sa “su fuego ardiente” ang “alab ng puso.” May kung anong nagliliyab na rubdob ang taglay ng bayang kinakausap. Ang apoy na ito ay tumitibok (*latiendo*) sa bayang ito. Saan pa ba naman tumitibok ang anumang marubdob (na hangarin)? Sa dibdib na metonimya ng puso. Kayâ angkop ang pagkakasalin na “sa dibdib mo’y buháy.” Sadyang may pagtibok kapag buháy. May itinitibok na marubdob (na mithi) ang bayang magiliw.

Pag-ukulan naman natin ng pansin ang ikalawang saknong: “*Tierra de amores! / Del heroismo cuna, / Los invasores / No te hollarán jamás.*” Kapareho ng tono o himig ng unang saknong ang ikalawang saknong na ito. Muli, may limang pantig ang unang linya bagaman sa pagkakasulat ay may anim. Ang “e” ng *de* at ang “a” ng *amores* ay nagsasanib. Ang tamang pagbigkas dito sa pag-awit ay “dya.” Literal na

“lupain ng (mga) pag-ibig” ang kahulugan nito, isang bokatibong pahayag ng persona bilang paglalarawan sa kinakausap na bayan.

May limang pantig din ang salin sa Ingles: “*Land dear and holy.*” Literal na “lupaing mahal at banal” ang kahulugan nito. Ang lupain ng maraming pag-ibig ay naging “lupaing mahal at banal.” Paglalarawan ang linyang Español ng isang sitwasyon ng *tierra* o lupain o bayan: tigib o punô ng pag-ibig. Ang salin sa Filipino ay lalong may kakaibang literal na kahulugan: “Lupang hinirang.” Sa *Diksiyonaryo-Tesouro ng Pilipino-Ingles* (1972) ni Jose Villa Panganiban, ang “hinirang” ay pang-uri na ang ibig sabihin ay “pinili” o “italalaga.”¹⁶ Nangangahulugan, pinili o itinalaga ang lupaing ito.

Hinalà ko, sa bersiyong Filipino, nahahawig ang larawan ng bayan sa larawan ng Birheng Maria na labis na pinahahalagahan ng Kristiyanismo. Tulad ng bayang kinakausap, ang Birheng Maria ay kinausap ng Anghel na nagbalitang magiging ina siya ng Diyos. Ang naging pagbati ng Anghel, ayon mismo sa dasal Katoliko: “Aba, Ginoong Maria, napupunô ka ng grasya...” Si Maria, na magiging ina ng Diyos, ay pinili o hinirang kayâ punông-punô siya ng grasya. At, maaaring unawain ang grasya bilang pagmamahal (ng Diyos). Kayâ masasabing ang “lupang hinirang” ay tigib na tigib din ng pagmamahal. Lalong mapagtibay ang ganitong palagay kapag tiningnan ang ikalawang taludtod: “*Del heroismo cuna.*” Kakabit ng idea ng pagiging “ina” ang “*cuna*” na katumbas ng duyan o “*crib*” sa Ingles.

Binibigyang-diin ng unang dalawang taludtod sa Español at Filipino na ang bayang kinakausap ay isang ina na tigib ng pagmamahal, at ang pagmamahal na ito ay katumbas ng kabayanihan (*heroismo*). At, ano pa nga ba ang kabayanihan o kagitingan kundi ang marubdob na pagmamahal sa bayan? Ang kinakausap na “lupain” ng persona ng tula/awit, kung gayon, ay bayang “hinirang” at “duyan ng magiting.” Dahil may nag-uumpaw (marami) itong pagmamahal (bilang ina), nagluluwal ito at nagduruyan ng kagitingan o pagpapakabayani (kabayanihan).

Marahil, may ganito ring tangka ang bersiyong Ingles. Alusyong Kristiyano rin ang paggamit ng mga salitang “*dear*” (mahal) at “*holy*” (banal) sa paglalarawan sa bayang kinakausap. Indikasyon din ito ng pagiging “pinili” o “hinirang” ng bayan. Sa doktrinang Kristiyano, sadyang may bayang pili at itinatangi ng Diyos, na

¹⁶ Jose Villa Panganiban, *Diksiyonaryo Tesouro Pilipino-Ingles* (Lungsod Quezon, Manlapaz Publishing Co., 1972), p. 514.

pinaglalaanan ng “lupang pangako.” Sa bersiyong ito, sa halip na ang abstraktong kagitingan ang inaalagaan o nililingap (idinuduyan), mismong ang mga dakilang bayani ang tinutukoy (*noble heroes*). Ang pinagpalàng bayang ito (na anupa’t tigib ng pagmamahal) ang siya mismong nagluluwal at lumilingap sa mga magiging tagapagtanggol nito.

Sa kabiláng dako, ang susunod na dalawang taludtod ng orihinal na Español ay literal na maisasalin sa ganitong paraan: “hinding-hindi ka (*no te jamás*) matatapakan (*hollarán*) ng mga mananakop (*invasores*.)” Sa idyomatikong paraan, katumbas ito ng “hindi ka kailanman mahahamak o mayuyurakan o maaalipusta ng mga banyagang sumakop sa iyo.” Literal na nagamit sa bersiyong Ingles ang “pagtapak” (*hollar*) sa paggamit ng salitang “*trample*”: “*Ne’er shall invaders trample thy sacred shores*” (Hinding-hindi matatapakan ng mga mananakop ang iyong banal na dalampasigan). Kaso, pagkat kakapusin marahil sa bilang ng pantig, napilitang magdagdag ang mga tagasalin ng “*thy sacred shores*.” Wala sa orihinal ang pariralang ito. Sa buong saknong, walang indikasyon ng paggamit sa imahen ng dalampasigan. Ang bayang pinili (lupang hinirang) ang kinakausap ng persona. Ang bayang ito na tigib ng pagmamahal ay duyan ng kagitingan. Ipinahihwatig ng “duyan” ang pagiging “tahanan” ng bayan. Sa paggamit ng “dalampasigan,” mahihiwatigan ang pagiging “kapuluan” ng teritoryong ito.

Kung sa bagay, kung iisiping ang tinutukoy ng bersiyong Ingles sa simula pa lámang ng saknong ay ang “bayang mahal at banal,” maiuugnay rito ang pagkakaroon ng dalampasigang sagrado (*sacred shores*). Sa paraang metonimiko, ang pagtapak-tapak sa sagradong dalampasigan ng bayan ay sadya namang makikita bílang isang pagyurak o paghamak dito. Kayâ nga lámang, bagaman hindi magkahidwa, lubhang magkalayông imahen ang duyan at ang dalampasigan. Sa orihinal na Español, ang pagiging tigib ng pag-ibig at kuna ng kagitingan ng lupang hinirang ang hiding-hindi mayuyurakan ng mananakop. Sa bersiyong Ingles, ang hindi maaalipusta ay ang pagiging bayang mahal at banal ng kinakausap na bayan (na kinakatawan ng dalampasigan), na duyan ng mga magiting. Nanganganib na maging pinaghalòng metáporá (*mixed metaphor*) ang pagiging duyan ng dalampasigan.

Naiwasan sa bersiyong Filipino ang ginawang pagdaragdag ng imahen sa Ingles na ibinunga ng kakapusan ng pantig: “Sa manlulupig, di ka pasisiil.” Ang naging kaibahan lang, inihayag sa bersiyong Español na ang kinakausap na lupang hinirang, sa tuwiran o bokatibong paraan, ay “hindi mahahamak o mayuyurakan o maaalipusta.” Ang pagkakasabi nga: “*no te hollarán jamás*” (hindi ka kailanman mahahamak).

Layon o obheto ng “paghamak” (na aksiyon ng mananakop) ang “ka” na ito, na siyang kinakausap na lupang hinirang. Sa bersiyong Filipino, naging suheto, at kayâ aktibo, ang “ka” na ito: “Hindi ka pasisiil sa manlulupig.” Sa halip na (negatibong) tagatanggap lámang ng aksiyon (ng manlulupig), ang “ka” o “ikaw” na ito ang naging tagaganap ng aksiyon laban sa manlulupig. Ang “ikaw” na ito ay *hindi* “hindi maaalipusta ng mananakop.” Sa halip, “hindi magpapaalipusta sa mananakop” ang “ikaw” na ito.

Bilang komposisyong pangmusika, may estrukturang A B C ang Pambansang Awit natin. Ibig sabihin, may tatlong set ng tono o melodiya na ginamit sa buong kanta. Ang tono o melodiyang A ang siyang ginamit sa saknong 1 at 2. Ang tono o melodiyang B ang ginamit sa saknong 3 at 4. Ang tono o melodiyang C naman ang ginamit sa ikalima o panghuling saknong.

Kung ilalarawan, isang marangal na pagbubukás ang bisà ng tono o melodiya A. Waring may inilalarawang sitwasyon sa paraang romantiko ngunit magaan at tiyak. Bunga marahil ito ng pagkakaroon ng mas malaking balor (sa kumpas) ng bawat nota. Pagpasok ng tono o melodiya B, biglang makadarama ng mabilis na pagpintig bunsod ng sunod-sunod na maraming nota na may mas maliliit na balor (sa kumpas) at kayâ parang ratatát ang dating. Ang tono o melodiya C, na sa iisa at huling saknong lámang inilaan, ay may bisàng mapaglagom at maringal na pagwawakas. Mula sa malumanay na pagtibok na A at sa masasál na pagpintig na B, naging mariin o empatiko ang bisà ng tono o melodiya C dahil sa pagiging asentuwado ng halos bawat nota.

Dahil sa marubdob na bisà ng sunod-sunod na maraming nota at mga tiyak na asiento (diin) sa tono o melodiyang B, naging mas mahirap marahil ang proseso para sa mga tagasalin sa mga saknong tatlo at apat. Ang unang linya ng ikatlong saknong, “*En tu azul cielo, en tus auras...*,” sa pagkakasulat, ay may sampung pantig. Ngunit, kung bibigkasin, magkakaroon lámang ng siyam. Ang “u” ng *tu* at ang “a” ng *azul*, tulad ng ibang natukoy na kauri sa una at ikalawang saknong, ay magiging isang pantig lámang sa pagbigkas. Dahil kapareho ng melodiya, ang bilang ng pantig ng unang linya ng ikaapat na saknong ay siyam din: “*Tu pabellon que en las lides...*”

Sa Ingles, ang unang linya ng ikatlong saknong ay naging: “*Ever within thy skies and through thy clouds...*” Sa Filipino, naging “Sa dagat at bundok sa simoy at...” Pansinin, sa bersiyong Filipino, ang “at” na dapat ay kabilang sa susunod na pagpaparirala ay pumatak sa huling nota ng unang parirala. Ang nota ng pantig na “ras” ng “auras” ang nota nito. Ngunit, sa pagsulat nito bilang linya sa (tulang/awit na) Filipino, kinailangang isama ito sa susunod na parirala: “Sa dagat at bundok, sa simoy

/ at sa langit mong bughaw..." Isang topograpikong paglilista ito. Sa Español, nauna ang bughaw na langit at simoy ng kinakausap. Sa Ingles, langit at ulap ang binanggit, nawala ang kulay bughaw.

Ang ikalawang linya ng ikatlong saknong ay ganito: "*En tus montes y en tu mar...*" Narito ang "bundok at dagat." Napapuwesto ito sa unang linya ng saknong na ito. Sa Ingles, "*And o'er thy hills and sees...*" ang rendisyon. Ang mga inihanay na ito na bahagi ng topograpiya ng kinakausap na bayan ang siyang pinagniningningan at pinipintigan ng pinakamamahal nitong kalayaan. Sa Ingles, "*do we behold the radiance feel the throbs / of glorious liberty.*" Sa bersiyong ito, napagmamasdan (*behold*) ng nagsasalita ang ningning at nararamdaman ang pintig (*feel the throbs*) ng maluwalhating kalayaan. Nawala ang empatikong "*de tu amada libertad*" (ng minamahal mong kalayaan). Napakahalaga ng nawalang "*your*" ("tu" o iyo o mo) sa Ingles. Sa Filipino, ang huling dalawang linyang ito ay naging "May dilag ang tula at awit sa / paglayang minamahal." Ang ningning ay naging dilag, na kapuwa ukol o may kinalaman sa mata, at nadagdag sa tula ang "awit" para sa bayang minamahal. Hindi masamang pagdaragdag sapagkat ang awit o tula, gaya ng nabanggit na, ay naituturing na iisa sa tradisyong pabigkas ng Filipinas. Pansinin din na sa huling dalawang linyang ito sa Filipino, ang "sa" na sadyang kabilang dapat sa ikalawang hati o pagpaparirala, kapag kinanta, ay napuwesto sa hulihan o dulong nota ng unang hati o pagpaparirala.

Ang ikaapat na saknong ay literal na maisasalin sa ganitong paraan: "Ang watawat mo (*Tu pabellon*) na sa mga sagupaan (*que en las lides*) ay nagbibigay-liwanag (*ilumino*) sa tagumpay (*la victoria*), hindi kailanman mapaparam (no vera nunca apagados) ang kaniyang mga bituin (*sus estrellas*) maging ang kaniyang araw (*ni su sol*). Sa Ingles, naging ganito ang pagkakasalin: "*Thy banner dear to all our hearts / Its sun and stars alight, / Oh never shall its shining fields / Be dimmed by tyrants' might.*" Sa bersiyong ito, nawala ang halaga ng watawat na "nagniningning ng tagumpay sa mga sagupaan." Naging "mahal sa puso namin ang iyong bandila." Ang bisà ng "pagniningning" na nasa orihinal na Español at maging sa salin sa Filipino ay nauwi lámang sa "hindi mapadidilim ng lakas ng manlulupig ang ningning ng buong lawak ng watawat."

Ang huling saknong, na inangkupan ng tono o melodiya C, ay nagsasaad ng mapagpasiyang pananalig at pangako ng nagsasalita sa kaniyang bayan. Sinasabi ng persona na masarap mabuhay sa bayang kinakausap niya, isang alusyon sa klasikong linya ng "*Canto de Maria Clara*" (Awit ni Maria Clara) ni Jose Rizal: "*Dulces las horas*

en la propia patria" (Tamis ng mga oras sa sariling bayan o, sa pagkakasaling-awit dito: "Tamis ng mabuhay sa sariling bayan). Isang paglalambing ito at paghahain ng pag-ibig na mapatutunayan sa mapaghamóng sandali ng pang-aapi ng mga banyaga: "*Cuando te ofenden, por ti morir*" (Pag may mang-aapi, ang mamatay nang dahil sa iyo).

Sa bersiyong Ingles, ang "*tierra de dichas, del sol y amores*" o "lupain ng tagumpay, ng araw at mga pag-ibig" ay naging "Magandang lupain ng pag-ibig (*Beautiful land of love*), o bayan ng liwanag (*O, land of light*)." Sa sáling Filipino, ito ay naging "Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta." Pinahihina ng Ingles ang empatikong pagbanggit sa "tagumpay" (*dichas*) ng bayang kinakausap. Ang tagumpay na ito ay natumbasan sa Filipino ng isang higit na malalim na konsepto: "luwalhati." Tagumpay, at higit pa sa tagumpay ang ibig sabihin ng salitang ito. Ito ang nakamihansang itumbas ngayon sa salitang "*gloria*" ng Español. Kung susuriin ang etimolohiya ng salita, pinagsama itong "luwal" at "hati." Naiintindihan ang "luwal" kaugnay ng panganganak o paglalabas ng sanggol. Ang "hati" ay "atay" at sumasagisag sa "paít." Ang sinumang nagdaranas ng kapaitan sa búhay ay may "dalang paít" o "dalamhati." Ang paglalabas o pag-aalis ng paít na dinaranas ay isang pagluluwalhati. Kayâ masasabing higit pa nga sa tagumpay.

Ang "*En tu regazo dulce es vivir*" (Sa kandungan mo ay matamis mabuhay) ay tinumbasan sa Ingles ng "*In thine embrace 'tis rapture to lie*" (Sa yakap mo ay kaligayahang humimlay). Napakahina nito kung ihahambing sa "Buhay ay langit sa piling mo" sa bersiyong Filipino. Wala nang hihigit na matamis sa paghimlay sa kandungan ng minamahal, pagkakapiling ito na matalik na matalik. Itinatanghal sa orihinal na Español at sa salin sa Filipino ang larawan ng inang kumakalong sa anak. Hindi yakap lámang ang pagkandong ng ina sa anak. Kayâ nga para sa anak na ito, "*Es una gloria para tus hijos*" (Isang kaluwalhatian para sa iyong mga anak) ang mamatay para sa inang ito kapag dito ay may mang-aapi.

Mula sa pagtalakay na ito, may malilikhang tatlong pangkalahatang obserbasyon hinggil sa pagsasáling-awit. Una, dahil sa may melodiyang nilalapatan ng letra, hindi maiiwasan ang magdagdag-bawas ng salita at parirala sa pagsisikap na matapatan sa tunguhang lengguwahe (TL) ang kahulugang nasa simulaang lengguwahe (SL). Ikalawa, dahil kailangang maawit din ang salin, mahalagang may muwang ang tagasalin sa kumpas ng musika o balor (halaga) ng mga nota ng melodiya. Ikatlo, kaugnay ng una, napipilitang pumili ang tagasalin ng imahen o idea na bibigyang-diin sa tunguhang teksto (TT).

Sa kaso ng sáling Español-Ingles, maraming idinagdag na salita-parirala ang tagasalin, at may mga pariralang sadyang hindi tumutugma sa kahulugan ng orihinal. Ang unang linya ng salin sa Ingles, halimbawa, ang “Land of the morning,” ay pariralang walang tinatapatan o tinutumbasan sa orihinal na “Tierra adorada.” At, walang ibang mahihinuhang dahilan ng pagdaragdag ng salita (na di-kailangan) dito, ang “morning,” kundi ang pagdaragdag ng pantig. Higit na naging matapat ang “Bayang magiliw” sa bersiyong Filipino.

Sa sáling Español-Filipino naman, dahil karaniwang mahaba ang mga salita sa Filipino sanhi ng mga morpolohikong kalikasán ng mga ito, kinailangang maging matalas sa pagpapalit ng pokus ng pandiwa ang tagasalin. Pansinin ang pagpapalit ng pokus ng pandiwa sa linyang “*Los invasores, no te hollaran jamas*” na naging “Sa manlulupig, di ka pasisiil” sa Filipino. Ang paksa o simuno sa orihinal na Español ay ang “invasores” (mananakop o manlulupig). Sa bersiyong Filipino, hindi ang “manlulupig” ang paksa o simuno. Naging ang “ikaw” o “ka” na kinakausap ng nagsasalita ang naging paksa o simuno. Ang “ka” na kinakausap ang naging tagaganap ng aksiyong “di pasisiil.” Naging layon ng pang-ukol ang “manlulupig” na siyáng tagatanggap ng aksiyong “di pasisiil.” Sadya ngang pagpapasiyang pinipili at pinangangatwanaan ng isang tagasalin ang pagdaragdag o pagbabawas at pagpapalit ng estruktura ng pangungusap sa kaniyang pagsasalin alinsunod sa diwa o kahulugan ng orihinal na minamarapat niyang maitawid sa tunguhang lengguwahe.

SALIN, HALAW O PALÍT?

Sa pangkalahatang praktika ng pagsasáling-awit sa Filipinas, batay sa mga halimbawang matutunghayan sa kasaysayan, makakakita táyo ng mga halimbawang sadyang hindi na nagpapahalaga sa orihinal. Pinipili na lámang ng isang makata o manlilikha ng letra na gamitin na lámang ang isang popular na melodiya bílang himig na lalapatan ng bagong letra. Masasabing higit na naging palasak ang praktika ng pagpapalít-awit sa halip na pagsasáling-awit. Sa ganitong kalakaran, ang anumang melodiya, sanhi ng tinamong katanyagan nito, banyaga man o katutubong komposisyon, ay nalalagyan ng letrang ni walang anumang kinalaman sa orihinal na letra.

Tingnan ang sumusunod na halimbawa ng isang kantang naisaplaka bago mag-ikalawang digmaang pandaigdig. Isang tenor na nagngangalang Enrique H. Davila ang nagsaplaka nito para sa Odeon Records. Ang nakalagay na pamagat ng kanta sa plakang 78 rpm ay “O, Sole Mio.” Isang awit na Neapolitan ito, musika ni

Eduardo di Capua at letra ni Giovanni Capurro. Popular ito hanggang sa ngayon sa buong mundo bilang klasikong kantang angkop sa mga umaawit sa paraang *bel canto* tulad nina Luciano Pavaroti, Placido Domingo, at Jose Carreras.

Pansinin ang nakalimbag na larawan ng leybel ng plaka. Ang kompositor lámang ng melodiya ang minarapat ilagay, nakapaloob sa mga panaklong sa ilalim ng pamagat na “O, Sole Mio.” Kung ang leybel lámang ang titingnan, iisipin ninuman na ang maririnig pag pinatugtog ito ay ang mga letrang ito:



Mula sa pribadong koleksiyon ni Nicanor G. Tiongson

Che bella cosa è na jurnata 'e sole,
n'aria serena doppo na tempesta!
Pe' ll'aria fresca pare già na festa...
Che bella cosa na jurnata 'e sole.
Ma n'atu sole cchiù bello, oi ne',
'o sole mio sta nfronte a te!
'o sole, 'o sole mio
sta nfronte a te, sta nfronte a te!¹⁷

Ganito lámang naman ang sinasabi ng kanta: “Anong ganda (*che bella*) kapag matindi ang sikat ng araw, malamyos ang simoy ng hangin matapos ang sigwa (*tempesta*) at tila isang panahon ito ng pagdiriwang (*festa*). Ngunit, may isang araw na nakahihigit ng rilag. Ito ang araw na nasa iyong mukha.” Sa metaporikong pag-unawa, ang kaligayahan (na kinakatawan ng araw) ng nagsasalita ay nasa mukha ng kaniyang kinakausap.

Pag pinatugtog ang plakang ito, na matatayàng lumabas noong magtatapos ang dekada 30 o bago mag-ikalawang digmaang pandaigdig, Tagalog ang letra, hindi Italiano. At naging ganito ang sinasabi ng kanta:

O SOLE MIO (ca 1939)

Dinggin mo, hirang, ang daing ng puso,
Ikaw, ikaw rin ang pinipintuho.
Kayâ nga búhay, iyong kaawaan
Yaring sabik sa 'yong pagmamahal.

¹⁷ Kinuha sa musicmatch.com. Inakses noong 2 Nobyembre 2019.

Kayâ nga, irog, dinggin ang awit
Ng sawing pusong umiibig;
Ikaw ang tanging nais
Na pang-aliw niyaring dibdib.¹⁸

Sa letrang ito, wala ni anumang pagbanggit sa “araw” na siyáng pinakasentrong imahen ng orihinal na letra sa Italiano. Lalong nawala ang paglalarawan ng kagandahan ng panahon at ang higit na napagtuonan ay ang daíng ng puso ng nagsasalita. Ibig sabihin, bagaman awit pa rin ng pag-ibig, higit na umayon sa tradisyon ng harana ang letrang ito. Totoong ang orihinal at ang inilapat na letrang Filipino ay kapuwa nagsasaad na ang kausap ang sanhi ng ligaya ng nagsasalita. Gayunman, ang letrang Filipino ay nakasentro sa paghihinagpis at pagmamakaawa ng nagsasalita, hindi sa karikitan ng kinakausap. Naging tila letra ito ng kundimang tulad ng “Anakdalita (Francisco Santiago - Deogracias Rosario): “Sa gitna ng dilim, aking nilalamay, / tanging larawan mo ang nagiging ilaw; / kung ikaw ay mahimbing sa gitna ng dilim, / ang iyong ihulog, puso mo sa akin.”

Isa pang magandang pag-aralan bílang ispesimen ang dalawang isinaplakang kanta ng Reycard Duet sa RNL Records noong bandang magtatapos ang dekada singkuwenta. Kapuwa niletrahan ni Levi Celerio ang mga awit na ito na ang mga orihinal na bersiyon ay popular na popular nang panahong iyon. Ang “The Great Pretender” na likha ni Buck Ram at pinatanyag ng grupong The Platters ay ginawang “Kunwari Lang” ni Celerio. Narito ang orihinal na letra ni Ram:

Oh, yes I'm the great pretender,
Pretending that I'm doing well.
My need is such I pretend too much,
I'm lonely but no one can tell.

Oh, yes I'm the great pretender,
Adrift in a world of my own.
I've played the game but to my real shame
You've left me to grieve all alone.

Too real is this feeling of make believe,
Too real when I feel what my heart can't conceal.

¹⁸ Transkripsiyon ng isinaplakang awit ng Enrique H. Davila sa Odeon Electric.

Oh, yes I'm the great pretender,
Just laughin' and gay like a clown.
I seem to be what I'm not, you see,
I'm wearing my heart like a crown,
Pretending that you're still around.¹⁹

Sa letrang ito, nagpapanggap na masaya ang nagsasalita kahit ang totoo ay malungkot siya sapagkat iniwanan ng kaniyang minamahal. Bagaman kababakasan ng pagpapahabag, higit na matimpi ang pagtatanghal ng kalungkutang ikinukubli sa pagiging payaso ng nagsasalita. Nasa paggamit ng imaheng payaso ang lakas ng letrang ito, na maiuugnay sa “That’s the Way of a Clown” (Teddy Randazo), “King of the Clowns” (Neil Sedaka), “Punch and Judy” (The Cascades), “Send in the Clowns” (Stephen Sondheim at Judy Collins), at iba pang awit na ginamitan ng larawang ito na kung tutuosin ay may alusyon sa pangunahing tauhan ng operang “Pagliacci” (Payaso, 1892) ni Ruggero Leoncavallo. Bilang popular na musika, nakasakay ang kahulugan ng kanta sa kumbensiyon ng paggamit sa payaso bilang isang balintunang larawan ng ligaya at lumbay. May buong-bu ong larawan ng pagkukunwari.

Kahit tila nahahawig dito ang letrang ginawa ni Celerio, ang “Kunwari Lang” na inawit ng Reycard Duet, ang buong idea ng naiwan kayâ nagpapanggap na masaya ay hindi gaanong mababanaag. Mahihiwatigan ang pananatili ng larawan ng payaso bagaman hindi tahasang binanggit na kagaya ng ginawa sa simulaang teksto.

KUNWARI LANG

Laging ako ay nakatawa
At ang kilos ko’y masigla;
Kahit na saan man ako magpunta,
Makikitang tuwina’y masaya.

Ngunit ito ay kunwari lang,
Hindi nila natatanaw
Itong puso kong lihim na may lumbay,
Pag-ibig mo ang dahilan.

Pagkat ikaw ang tunay kong langit,
Ginugunita sa lahat ng saglit.



Bahagi ng pribadong koleksiyon ni
Michael M. Coroza.

¹⁹ Kinuha sa musicmatch.com. Inakses noong 2 Nobyembre 2019.

O, ay, ikaw ang panaginip
Ngunit hindi ko masambit
Kaya damhin mo ang hanging malamig:
May bulong ng dibdib at hibik
Ng pusong naghihinagpis.²⁰

Sa awit na ito, ang nagsasalita ay nagdaramdam sapagkat hindi niya maipagtapat sa kaniyang minamahal ang kaniyang pag-ibig. Hindi dahil iniwan kayâ nagkukunwang masaya. Sa halip, may pag-ibig na hindi masambit at ibinubulong at inihihibik na lámang sa hangin. Higit na malungkot ang letrang ito kung ihahambing sa orihinal ni Ram. Sapagkat, malapit sa minsang winika na ni Shakespeare na higit na masakit ang pag-ibig na hindi naipagtapat at natupad kaysa sa pag-ibig na nagkaroon ng kaganapan at nagwakas.

Muli, may panambitang mababakás sa letrang ito ni Celerio. Isang paghibik ang buong awit, malinaw na napahahabag ang nagkukunwaring nagsasalita, na mahihiwatigan ding isang payaso sa pagiging “masiglang kumilos at laging nakatawa.” At tahasang sinasambit ang pagpapahabag na ito sa pagsasabi ng mga salitang “damhin ang hanging malamig...”

Napanatili sa letra ni Celerio ang idea ng “pagkukunwari.” Sa simulaang teksto, may nawalang pag-ibig. Sa tunguhang teksto, may pag-ibig na hindi masambit. Sa paggamit ng payaso bilang sentrong imahen, iniralan ng birtud ng parikala at balintuna ang simulaang teksto. Nasa payaso ang di-sinasambit na pagtanggap ng kabiguan at kabiguan ng pagtanggap. Sa kabilang dako, sa paggamit ng tinig na panambitan sa tunguhang teksto, higit na umayon sa tradisyon ng kundiman ang tunguhang teksto. May matinding pagdadalamhati na ikinukubli ng nagsasalita. Bakit hindi niya magawang ipagtapat ang kaniyang pagmamahal? Tulad sa mga naunang letra ng kundiman, iniisip marahil ng nagsasalita na hindi siya nararapat o nababagay sa kaniyang kausap sanhi ng kakapusan ng kaniyang kapalaran. Ang buong ikahahango niya sa dusa ay nása pagkahabag sa kaniya ng kaniyang sinisinta. Tulad sa kundiman nina Nicanor Abelardo at Deogracias Rosario, parang sinasabi nito: “Kung nais ninyong ako’y mabuhay, pag-ibig ko’y inyong ibigay.” Halaw-awit ba ito o palít-awit?

Narito pa ang isang letra ni Levi Celerio sa isang popular na melodiya ng banyagang awit noong dekada singkuwenta, na nasa kabiláng panig ng plaka ng

²⁰ Transkripsiyon ng kantang isinaplaka ng Reycard Duet sa RNL Records.

Reycard Duet sa RNL Records. Ang pamagat ng orihinal ay “El Manisero,” komposisyon ni Moises Simons ng Cuba. Sa Ingles, nakilala ito bilang “The Peanut Vendor.” Narito ang orihinal na letra:

Si te quieres por el pico divertir
Comete un cucuruchito de maní
Que calentito, y rico esta
Ya no se puede pedir mas
Ay, caserita no me dejes ir
Porque después te vas ha arrepentir
Y va a ser muy tarde ya

Manisero se va, manisero se va
Caserita no te acuestes, a dormir
Sin comerte un cucurucho de maní
Cuando la calle, sola esta
Acera de mi corazón
El manisero, entona su pregón
Y si la niña escucha su cantar
Llama desde su balcón

Dame de tu maní, dame de tu maní
Que esta noche no voy a poder dormir
Sin comerme un cucurucho de maní
Me voy, me voy, me voy²¹



Bahagi ng pribadong koleksiyon ni
Michael M. Coroza.

Kung isasáling-awit sa Filipino, ang angkop na pamagat nito ay “Ang Magmamani.” Ngunit, palit-awit sa halip na halaw o salin ang ginawa ni Celerio. Mahirap nang mábakasán ito ng pagiging halaw-awit sapagkat walang nanatili ni ano mula sa simulaang teksto, kahit ang simpleng “mani” ay hindi nabanggit sa tunguhang teksto. Sa simulaang teksto, sinasabing nakaaaliw ang pagkain ng mani. At, ang nagsasalita ay hindi makakatulog nang hindi kumukukot ng mani. Ang naging letra ni Celerio

²¹ Kinuha sa musicmatch.com. Inakses noong 2 Nobyembre 2019.

ay pinamagatang “Palengke,” at kahit sa pook na ito na pinagtitindahan ng halos lahat, walang nabanggit ni kapirasong mani. Narito ang teksto ni Celerio:

PALENGKE

Dinggin ang aming iba’t ibang napupuna
Sa loob nitong palengkeng kaysaya:
“Mama, kakain ba sila?
May pansit po kaming tinda,
Tokwa, baboy, at talaba,
Lugaw, lumpiya’t iba’t iba.”

Nang kami’y magdaan sa mag-iisda
Kayraming mga bangus, dalag, biya;
Ang puso ko’y tuwang-tuwa
Sa dami ng nababangga,
Namadyik na’t naghimala
Ang kuwarta ko’y nawawala
Dahil sa aking paglingon
Sa binti ng magandang mutya.

Piyesta, tumaas lahat ngayon
Sapagkat piyesta, mahal ang mga tinda,
Piyesta talagang pagsasamantala
Kung piyesta ang gawa noong iba
Ay, kawawa ang aming bulsa.²²

Naging paglalarawan ng eksena sa palengke ang titik na ito ni Celerio. Isang balintunang larawan sapagkat itinatanghal ang nakatutuwa at nakalulungkot na sitwasyon. Sa dami ng iniaalok at matatanaw sa palengke, gayundin karami ang pagsasamantala at panloloko. Ang persona, na mukhang bagong-salta sa lungsod, ay manghang-mangha sa magagandang mutya kayâ nadukutan. At, ang pandurukot na ito, ay kaparalel na larawan ng halos pandurukot na ring ginagawa ng mga nagtitinda sa mga mamimili. Dahil pista, mahal ang mga tinda. At, ang pagtataas ng presyo ay

²²Transkripsiyon ng katang isinaplaka ng Reycard Duet sa RNL Records.

isang pagsasamantala na kumakawawa raw sa kanilang bulsa. Kung gayon, may dalawang bulsa na napagsamantalahan sa teksto. Ang una, bulsa ng isang “tatanga-tanga” sa loob ng palengke. Ang ikalawa, bulsa ng mga mámimiling pinagsasamantalahan dahil sa panahon ng pista.

Salin, halaw, o palít ba ito?

TÚNGO SA ISANG ETIKA NG SALING-AWIT

Sa huling tatlong halimbawa na ating tinunghayan, mapapansin ang higit na pag-iral ng diwa ng pag-angkin ng nagleletra kaysa sa hangaring maging matapat sa simulaang teksto. Maaaring hinalain na lubhang nagigipit ang tagasalin sa melodiya at sa kahingiang makanta rin ang tekstong kaniyang dapat likhain kayâ higit niyang minamarapat ang magdagdag-bawas o magpalit nang lubusan kaysa pagsikapang maitawid ang tunay na sinasabi ng isang kanta. Sa ganitong paraan, higit siyang lumilikha ng bago kaysa nagsasalin talaga.

Gayunman, maaaring igiit na iniiralan ang buong prosesong ito ng tinatawag na “domestikasyon” ng bantog na kontemporaneong tagapagteorya ng pagsasalin na si Lawrence Venuti.²³ Ang awit na nagmumula sa ibang bayan ay di-materyal na kulturang tinatanggap ng tagasáling-awit. Sa paghahalaw o pagpapalít ng letra sa mga awit na ito, higit na isinasaalang-alang ng tagasáling-awit ang materyalidad ng kaniyang kulturang kinabibilangan at pinaghahandugan ng kaniyang sáling-awit. Nakatuon ang kaniyang pansin sa mga tagapakinig ng kaniyang sáling-awit, sa mga nag-aangkin ng kaniyang wikang ginagamit sa pagsasalin o pagleletra. Sa isang banda, maaari ring isipin na binabalewala ang orihinal na sinasabi ng kanta sapagkat hindi naman angkop sa sitwasyon ng nakikinig. At, sa pangyayaring ito, higit na nabibigyang-diin ang pagiging higit na unibersal ng melodiya o musika sa isang panig at ang pagiging nakabatay-sa-kultura ng letra ng awit sa kabiláng panig.

Tulad ng karaniwang paniniwala sa tula at iba pang tekstong pampanitikan, sadyang may mga temang unibersal subalit ang mga metapora at iba pang sagisag na ginagamit sa alinmang akda ay laging nakaugat sa kultura ng pinagmumulan ng teksto. Samantala, ang dalisay na tunog ng anumang melodiya, sa alinmang panig ng

²³ Basahin ang kaniyang *The Translator’s Invisibility: A History of Translation* na unang nalathala noong 1995 at muling nilimbag noong 2002. Nagkaroon na ito ng ikalawang edisyon at inilathala ng Routledge noong 2008.

mundo nagbuhat, ay nakapupukaw ng kahit sino nang parang hindi na kinakailangang saliksikin ang pinagmulang kultura nito.

Isang katanungang pang-etika na lámang talaga ang dapat isaalang-alang kaugnay ng pagsasáling-awit. Hindi ba maituturing na isang pagnanakaw ang gawaing ito, lalo na kung sa halip na salin ay paghahalaw o pagpapalit ang ginagawa?

Noong unang panahon, nang wala pang umiiral na konsepto ng pribadong pag-aari, ang lahat ng musika at maging mga tula at iba pa ay pinagsasaluhan ng bayan. Sa mga pamayanang may pabigkas na kultura, isinasalimbibig ang anumang mauso o maitatag na katotohanan na nabigyan ng ekspresyon sa pamamagitan ng tula o awit. Ito ang sitwasyon ng sáling-awit. Kayâ lagi kong iginigiit na ang prosesong ito ay malaon na nating ginagawa at bahagi ng ating mahaba at mayamang tradisyong pabigkas na lalong angkop tawaging “*oratura*.” Pag-aari ng lahat ang lahat ng di-materyal na kultura. Ang isang tula o awit ng pag-ibig ay hindi pag-aari ng lumikha nito. Pag-aari ito ng sinumang may gusto at nakikinabang dito. At, maaaring gawin ninuman ang kahit na ano rito. Walang nagbabawal o nagtatakda. Sa ganitong paraan lumaganap at yumabong ang mga panitikang bayan.

Problema ng kontemporaneong lipunan na kumikilala at naggigiit ng pribadong pag-aari ang copyright o karapatang-ari. Noong panahon nina Levi Celerio, na panahong napakalápit pa sa tradisyong pabigkas na tinutukoy ko, may laya sila sa waring makalikha ng mga letra sa iba’t ibang melodiyang naiibigan nila, banyaga man o katutubo rin mula sa iba’t ibang rehiyon ng Filipinas, sapagkat walang mahigpit na batas na nagpoprotekta sa karapatang-ari ng mga kompositor ng awit. Ngayon, may batas na at may mga ahensiyang sadyang nilikha upang protektahan ang mga pribadong karapatan ng mga manlilikha. Magandang bagay ito para sa mga kompositor, maging sa mga manunulat at iba pang nasa larang ng sining. Maging ang mismong mga tagasalin na siyáng manunulat ng simulaang teksto sa wikang pinagsasalinan. Dapat naman talagang kumita sila sa kanilang pinagpaguran at hindi sila dapat manakawan.

Lámang, hindi naman kayâ masyadong masagkaan ng mga pagtatakda at legalidad ang pagkamalikhain ng lahat? Bakâ sa halip mahikayat na maging manlilikha o malikhain ang nakararami ay mauwi na lámang sila sa pagiging “*mámimili*” sa isang kondisyong prinsipyo ng kapitalismo ang namamayani.

(Ang papel na ito ay nirebisang bersiyon ng lekturang binása sa “Sipat-Salin 2019: Mga Perspektiba sa Pagtuturo ng Pagsasalin sa Filipino sa K-12 at GEC” na ginanap noong 10 Disyembre 2019, sa TARC Auditorium, Unibersidad ng Santo Tomas. Reserbado sa may-akda ang lahat ng karapatan.)

TUNGKOL SA AWTOR

Si **MICHAEL M. COROZA**, Full Professor sa Kagawaran ng Filipino, Paaralan ng Humanidades, Pamantasang Ateneo de Manila, ay nagtuturo ng Panitikang Filipino, Malikhaing Pagsulat, at Pagsasalang Pampanitikan sa kolehiyo at paaralang gradwado. Hawak niya rito mula pa noong 2012 ang Rev. Fr. Horacio de la Costa, SJ Endowed Professorial Chair in History and the Humanities. Nagtapos ng PhD Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kumuha siya ng mga espesyal na kursong post-doktoral sa Nida School for Translation Studies sa Fondazione Universitaria San Pellegrino sa Misano Adriatico, Italy at sa School of Translation and Interpretation ng University of Ottawa sa Canada. Makata, mananaysay, kuwentistang pambata, tagasalin, at editor, tinanggap niya ang Southeast Asia Write (SEAWRITE) Award mula sa Kamahalan ng Thailand noong 2007 at ang Gawad Ani ng Dangal mula sa National Commission for Culture and the Arts (NCCA) noong 2009 bukod sa walong ulit na nagkamit siya ng mga pangunahing gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Hinirang siyang Kampeon ng Wika 2019 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Awtor siya ng mga aklat ng tulang Dili’t Dilim (1997) at Mga Lagot na Liwanag (2002) at ng mga aklat-pambatang Imbisibol Man ang Tatay (2009), Ang mga Kahon ni Kalon (2010), Ang mga Lambing ni Lolo Ding (2012), at Nawawala si Muningning! (2015). Inilathala ng KWF at NCCA ang salin niya sa Filipino ng La Revolucion Filipina ni Apolinario Mabini, Junto al Pasig ni Jose Rizal, at Contemporary Social Philosophy ni Manuel B. Dy, Jr. Siya ngayon ang Tagapangulo ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) at ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ng NCCA.